NEW MUSLIM ACADEMY

# Ang mga Wastong Katuruan ng Qur'an



Ang Qur'an ay ang salita ng Allah. Dahil dito, ay naglalaman ito ng lahat ng mabuti at matuwid. Nananawagan ito sa mabuting pag-uugali at moralidad. Sinabi ng Allah, "At ang Allah ay nananawagan tungo sa tahanan ng kapayapaan at nagpapatnubay sa sinumang Kanyang nais tungo sa matuwid na landas." [10:25] Ang Islam at ang mga katuruan nito ay matatagpuan sa Qur'an at ang mga salita ni Propeta Muhammad (SAWS) ay nananawagan lamang tungo sa kabutihan, at nagbababala laban sa kasamaan at kapinsalaan.

Ito ang dahilan kung bakit ang Islam ay hindi lamang nananawagan sa mga isyu ng pansariling paniniwala at pagsamba, gayundin sa pagpapabuti ng pag-uugali ng isang tao at pagbabago ng lipunan sa pangkalahatan. Ang Islam ay may mga kautusan na may kinalaman sa pamilya at mga isyu ng komunidad, na nagtuturo sa pag-uugali ng mga Muslim sa lahat ng oras at sa lahat ng mga sitwasyon. Isinama ito ni Propeta Muhammad (SAWS) sa panahon ng kanyang paglilingkod at sa gayon, ay naging huwaran para tularan ng lahat ng kanyang mga tagasunod.

Ang panahon bago dumating si Propeta Muhammad (SAWS) ay madalas na inilarawan bilang mga araw ng kamangmangan. Panahon ito kung saan ang pang-aapi at pinsala ay laganap at karaniwan. ang mga tao ay makikipagdigma laban sa iba sa pinakamaliit na mga paglabag. Pinagmamalupitan nila ang kanilang mga alipin at kababaihan. Ang ilan ay inililibing ng buhay ang kanilang mga batang anak na babae. Sila ay sangkot sa pagnanakaw, pag-iinom, at marami pang ibang sakit sa lipunan na naging dahilan upang hindi maging patas ang kanilang lipunan.

Ang Islam ay nagdala ng moralidad at mabuting pag-uugali sa kanila. Inutusan sila na kilalanin at igalang ang iba, maging patas sa mga ipinagkatiwala sa kanilang pangangalaga, bigyan ang mga tao ng kanilang nararapat na karapatan.Sinabi sa kanila na huwag manloko, maminsala o magnakaw. Ang lahat ng ito ay nasa ilalim ng bandila ng pagsamba lamang sa Allah at pamumuhay naaayon sa Kanyang mga banal na kautusan. Ipinakilala nito ang mga konsepto ng paglilingkod sa iba, kabutihan at awa, katarungan at kabutihang-loob.

Tinuruan din sila ng kahalagahan ng pagsamba lamang sa Allah, nang sa gayon, ay kailanganin nilang mabuhay naaayon sa mga kautusan ng Allah, at hindi ayon sa kanilang sariling mga kapritso at pagnanasa, o ang kasakiman ng iba at kanilang mga ambisyon. Nagsasalita ito tungkol sa kabilang buhay, at kung paano tatayo ang lahat sa harapan ng Allah para Kanyang hatulan. Kaya, walang makakatakas sa sukdulang paghuhukom ng Allah. Nagsasalita ito tungkol sa sukdulang gantimpala ng Paraiso at ng sukdulang parusa ng Impiyerno.

Ipinakilala ng Islam ang konsepto ng moral na responsibilidad at pagkabatid sa Allah. Sinabi sa atin ng Qur'an na ang Allah ang Nakakakita ng Lahat at Nakaririnig ng Lahat. Alam Niya ang lahat ng mga bagay at ang lahat ng ating mga ginagawa ay nakatala. Ang mga tao ay malayang mamili at may kakayahang gumawa ng kanilang sariling mga desisyon, subali't sila ay mananagot sa mga desisyong ito. Sinabi ng Allah, "Siya ang Kataas-taasan na may hawak sa lahat ng pamamahala sa Kanyang mga kamay; ang may kapangyarihan sa lahat ng mga bagay; ang lumikha ng kamatayan at buhay upang ikaw ay subukan at ibunyag kung sino sa inyo ang pinakamahusay - Siya ang Makapangyarihan, ang Mapagpatawad." [67:1 - 2]

Ang Islam ay nagsasalita tungkol sa pangangailangan ng pagtawag sa Allah at kumilos at pangasiwaan ang sarili ayon sa mga katuruan ng Allah. Sinabi ng Allah, “Hindi isang 'Birr’ [ang pagiging mabuti at matuwid] na ibaling ang inyong mga mukha sa dakong Silangan at KanluramIn [sa pagdarasal] bagkus, ang ‘Birr’ [ang pagiging mabuti at matuwid] ay ang paniniwala sa Allah, at sa Huling Araw, at sa mga Anghel, at sa Aklat, at sa mga Propeta at ang pamamahagi ng yaman sa kabila ng pagmamahal dito, sa mga kamag-anakan, sa mga ulila at sa mga dukha at sa mga manlalakbay at sa mga humihingi [ng tulong] at pagpapalaya ng mga alipin, at ang pagsasagawa ng pagdarasal [Salaah] at ang pagbibigay ng kawang-gawa [Zakaah at Sadaqah] at ang pagpapatupad ng kanilang mga kasunduan [tiwala at pangako] kapag sila ay nakipagkasundo at ang pagtitiis sa [gitna ng] pagdarahop at [malubhang] karamdaman at sa panahon ng pakikipaglaban. Sila yaong [kabilang sa] mga makatotohanan at saila yaong mga tunay na natatakot [sa Allah].” [2:177]

Itinuturo ng Islam ang tungkol sa kahalagahan ng dalisay na mga layunin at nakalulugod sa Allah. Ang konsepto ng gantimpala at pagkakasala ay isa sa mga paraan na ang moralidad ay binanggit sa Qur'an. Pinarami ng Allah ang mabuting gantimpala ng mga gumagawa ng mabuti.

Sa mga gumagawa ng masama ang kanilang mga kasalanan ay nakatala, nguni't para sa mga mananampalataya ang Allah ay nagbigay din ng pag-asa sa pamamagitan ng pagbukas ng pintuan ng pagsisisi at kapatawaran. Ito ay isang malaking dahilan sa mga tao upang maitama at mapabuti ang kanilang mga sarili.

Tinatawagan tayo ng Allah sa Qur’an upang maging taong may katarungan at kabaitan, maging mabuti sa iba at tratuhin sila tulad ng gusto nating tratuhin ng iba. Sinabi ng Allah, “O kayong mga naniniwala, maging matatag kayo para sa Allah, [bilang] mga saksi sa katarungan at huwag ninyong hayaang ang galit ng isang mamamayan ay pumigil sa inyo mula sa pagiging makatarungan. Maging makatarungan: Iyan ay higit na malapit sa pagkakaroon ng takot [sa Allah] at matakot kayo sa Allah. Katotohanan ang Allah ang Ganap na Nakababatid ng anumang inyong mga ginagawa.” [5:8]

Karamihan sa mga katangian ng Qur’an ay hinihikayat sa dalawang paraan; ang kaalaman at ang pagkilos. Tayo ay hinikayat at inanyayahan na matutunan at pag-aralan ang Qur’an at ang mga katuruan ni Propeta Muhammad (SAWS). Sa pamamagitan ng kaalaman, malalaman natin kung ano ang nais ng Allah at kung ano ang makalulugod sa Kanya, gayundin ang hindi rin makalulugod sa Kanya. Tayo rin ay sinabihan na kumilos naaayon sa kaalamang ito. Itinagubilin sa atin ng Allah ang kautusan na mga obligado at ibang mga kautusan na ipinagbabawawal.

Bahagi ng pagkilos ay ang pagpapabuti ng ating mga sarili sa pamamagitan ng pagpapabuti ng ating pagkatao at mga pag-uugali at mabuting asal na hinihikayat nating sundin. Mga konsepto tulad ng hustisya, kabanalan, kabaitan, kabutihang-loob, paggalang, katotohanan, katapatan, at kamalayan sa Allah ay paulit-ulit sa buong Qur'an at ang mga katuruan ni Propeta Muhammad (SAWS). Sa madaling salita, ang Qur'an ay nananawagan sa lahat ng mga matuwid at mabuti at nagbabala laban sa lahat ng kasamaan. Sinabi ng Allah, "Katotohanan, ang Allah ay nag-uutos ng katarungan at mabuting asal at pagbibigay [ng tulong at pagmamalasakit] sa mga kamag-anak at nagbabawal na kahalayan at masamang asal at pang-aapi. Kayo ay Kanyang pinagpapayuhan upang sakali kayo ay mapaalalahanan." [16:90]

SCAN ME